

spare
the
air

Panatilihing Malinis ang Hangin Araw-Araw

Ano ang maaari mong gawin upang mabawasan ang smog

Ang transportasyon ang pangunahing pinagmumulan ng smog sa Bay Area, at ang mga sasakyang iisa lang ang pasahero ang may pinakamalaking kontribusyon dito. Ang #1 bagay na maaaring gawin ng mga residente ng Bay Area ay ang iwan ang kanilang mga sasakyan sa bahay! Narito ang ilang mahusay na paraan upang Mapanatiling Malinis ang Hangin at makakita ng mas maayos na paraan upang makarating sa trabaho:

• **Maglakad o Magbisikleta**

Makatipid sa pera habang pinapabuti ang iyong kalusugan! Gamitin ang Bike Route Planner ng Spare the Air app o ang 511 Bike Mapper sa pagplano ng iyong biyahe.

• **Sumakay ng Bus, Barko, o Tren**

Makatipid sa gas at pera habang nakakabawas sa stress! Hanapin ang pinakamabilis na ruta sa 511 Trip Planner.

• **Mag-carpool**

Mag-commute kasabay ng mga kasamahan o kapit-bahay mo sa halip na magmaneho nang mag-isa. Hanapin ang iyong katugma sa biyahe sa 511.org o makipag-ugnayan sa human resources office ng iyong kumpanya para sa mga katugma sa carpool sa trabaho.

• **Laktawan ang isang Biyahe o Pagsabay-sabayin ang Iyong Mga Lakad**

Sa pamamagitan ng pagsasama-sama o pag-aalis ng mga biyahe, mababawasan mo ang polusyon sa hangin at makakatipid ka sa pera, gas, at oras.

• **Mag-telecommute**

Magtrabaho sa bahay at iwasan ang mag-commute!

Mga Tip sa Pagko-commute

Bisitahin ang sparetheair.org upang makuha ang lahat ng impormasyong hinahanap mo tungkol sa mga programa sa pagko-commute at iba pang incentive na maaari mong makuha sa iyong tinitirhan at pinagtatrabahuan.

Bisitahin ang sparetheair.org o 511.org para sa mga link sa lahat ng iyong opsyon para sa paglalakbay habang pinapanatiling malinis ang hangin!

Mga benepisyo sa malinis na pagko-commute

- makakatipid ka sa oras
- makakatipid ka sa pera
- mababawasan ang stress
- magiging mas produktibo ka sa iyong biyahe
- magkakaroon ka ng mga bagong kakilala
- makakapag-ehersisyo ka at mapapabuti ang iyong kalusugan

Makipag-ugnayan:

